

Panumbas sa Filipino ng Panghihiram: Pagtinging Semantikal at Sintaktikal

EMMA B. MAGRACIA, Ph.D.


Abstrak

Tinatalakay sa artikulo ang ginagawang panunumbas sa wikang Filipino ng mga salitang hiram sa Ingles at ang implikasyong semantikal at sintaktikal ng mga ito. Nagbigay ng mga halimbawa at ipinaliwanag ang epekto ng panunumbas na ito para mapayaman ang bokabularyo ng Filipino. Gayundin, gumawa ng isang sintaktikal, kasama na ang semantikal, na analisis ng mga wikang Filipino at Ingles na gamit ang immediate constituent.

I. Introduksyon

Sa proseso ng intelektwalisasyon at modernisasyon ng Filipino, mabilis na pumapasok sa leksikon nito ang mga salitang hiram. Isa sa negatibong kritisismo na ikinakabit ng mga may kahinaan sa pagtinging linggwistikal sa wikang pambansa ay ang kakulangan daw ng kakayahan ng Filipino na maipahayag ang mga konsepto at ideyang dapat na maibigay ng isang tao, sa pamamagitan ng mensahe, sa isang tagatanggap ng mensaheng ito. Sa maraming pagkakataon, napatunayang ito'y mali, sa dahilang ang diperensya ay wala sa wika kundi nasa gumagamit ng wika.

Isa sa mga dahilan kung bakit hindi lubusang naimplementa ang Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal ng 1987, lalo na sa antas na kolehiyo, ay ang kakulangan sa

 Si DR. MAGRACIA ay kasalukuyang Coordinator ng Special General Education Night Program ng CASS. May ranggong Prof. VI, naging Chair siya ng Department of Filipino and Other Languages, naging Assistant Dean, at Acting Dean ng CASS.

kakayahan ng tagagamit ng wika na maipahayag ang kanyang mga ideya sa Filipino. At upang maitago ang kakulangan sa kakayahang ito, karaniwan nang sinasabi ng tagagamit ng wika, kadalasan mga propesor sa kolehiyo na hindi naniniwala sa rasyunale ng paggamit ng katutubong wika sa pagkatuto ng mga mag-aaral, na kulang sa mga terminong teknikal at siyentipiko ang Filipino. Ang ganitong uri ng katwiran ay nagpapakita na masyadong huli sa kalakarang pangwika ang nagsasalita, kung hindi man karaka-rakang masasabing ignorante siya sa nangyayari sa kanyang paligid lalo na sa aspektong linggwistikal.

II. Ang Teorya ng Panghihiram

Ayon kay Hudson (1980:59), panghihiram daw ang nangyayari kung ang isang aytem na maaaring leksikal o sintaktikal ay kinuha sa kondisyong *over lock, stock and barrel* mula sa isang barayti at ginamit sa ibang barayti. Ang ibig sabihin nito ay buong-buo ang pagkakakuha ng aytem na ito at ginamit nang buong-buo sa bagong linggwistikal na kaligiran nang walang pagbabago.

Ayon naman kay Fishman (1989:308), *lexical borrowings are needed for technical nomenclature* at para sa pagbuo ng mga bagong terminong siyentipiko. Nangangahulugan ito na kailangang manghiram ng isang wika, lalo na ng gaya ng Filipino na nasa proseso pa ng patuloy na pagpapaunlad nito, upang maging ganap ang kakayahan nitong maipahayag ang mga modernong konseptong hindi taal dito. Ang mga konseptong siyentipiko at teknikal ay mga konseptong kanluranin sa pangkalahatan. Upang ganap ang integrasyon ng mga konseptong ito sa Filipino, kailangang hiram ang mga simbolong nagrerepresenta rito, at karaniwan ito ay mga simbolong leksikal, at kung minsan, sintaktikal.

Dalawang konsekwensya ang maaaring kahinatnan ng mga hiram na salita (Hudson, 1980:59). Una, magkakaroon ng asimilasyon na karaniwan ay kompletong-kompleto, at pangalawa, walang mangyayaring asimilasyon kaya ang hiniram na salita o mga salita ay mananatili sa orihinal na anyo at kahulugan nito. Maidaragdag sa sinabi ni Hudson na ang asimilasyon ng hiniram na salita ay maaaring ganap o hindi ganap (Matute, Belvez, & Kabigting, 1987:19). Magiging ganap ang asimilasyon kung ang hiniram na salita ay hindi magkakaroon ng kahit kaunti man lang na pagkakahawig, lalo na sa porma o anyo, sa banyagang wikang pinagbatayan o pinagkunan nito. Kung hindi ganap ang asimilasyon, makikita nang bahagya ang porma o anyo nito o maaaring ang buong anyo nito subalit ang aspektong ponolohikal o ang pagkakabigkas dito ay magbabago.

Sa Filipino, maaaring ibigay ang salitang *kudeta* sa ganap na asimilasyon, kung saan ang orihinal na anyo at bigkas ng salitang Pranses na *coup d'etat* ay nawala o nagbago. Sa hindi ganap ay maaaring maibigay ang *apartment*, kung saan ang orihinal na anyo ay nananatili subalit sa bigkas ay mayroon nang pagbabago.

Ang halimbawa ng hindi nagkaroon ng asimilasyon sa Filipino ay ang mga salitang *habeas corpus* at *pizza pie*, kung saan ang kanilang anyo at kahulugan ay nananatili.

Ayon pa rin kay Hudson (1980:59), maaaring kasangkot sa panghihiram ang mga antas na leksikal at sintaktikal at hindi na masasakop ang pagbigkas o ang antas na ponolohikal. Karaniwan daw itong nangyayari sa pagbabago ng sitwasyon o lugar na kinaroroonan ng gumagamit ng wika kung saan ang mga katangiang sintaktikal ng isang wika ay nagagamit sa ibang wika sa pamamagitan ng mga tagagamit na bilinggwal sa dalawang wikang ito. Subalit dapat pansinin na sa kaso ng tagapagsalitag Pilipino, ang kanyang mga karakteristikong linggwistikal ay tiyak na makakaapekto sa paraan ng kanyang pagbigkas ng mga salitang galing sa ibang wika lalo na ng galing sa Ingles, at sa ganito ring punto, ang nakamihasnang paraan ng pagbigkas ng tagapagsalita ng ibang wika ay makakaapekto rin sa pagbigkas niya ng hiniram na salita sa ibang wika. Kadalasang nangyayari ang ganitong penomenon lalo na kapag ang makabuluhang tunog sa isang wika ay hindi makikita bilang makabuluhang tunog sa wikang nanghihiram ng terminong kailangan ng unang nabanggit na wika.

III. Panghihiram na Leksikal ng Filipino

Sa mga pormal at di-pormal na talakayan o kaya ay sa mga pasulat na gawain, karaniwan nang gumagamit ng mga salitang hiram ang wikang Filipino (o ang posibleng angkop na sabihin ay ang gumagamit ng wikang Filipino). Hindi maitatangi na ang Filipino ay batay sa Tagalog, lalo na ang sintaktikal na katangian nito, at ang leksikon ng wika ay malaking porsyentong binubuo ng mga salitang Tagalog.

Upang magampanan ng Filipino ang gawaing maipahayag nang maayos at wasto ang mga konseptong nais ipaliwanag ng gumagamit ng wikang pambansa, kailangang gumamit ito ng mga katawagan o terminong teknikal, siyentipiko, akademiko, o maaaring sa layuning sopistikasyon lamang ng wika. Ang mga katawagan o terminong ito ay karaniwang galing sa ibang wika, at dala ng ating oryentasyong edukasyonal, ay kadalasang galing sa Ingles. Totoo ring maraming leksikal aytem ang galing sa Pranses, Latin, Italyan, Intsik, o iba pang wikang banyaga na nakakapasok sa Filipino subalit kung susuriin, ang mga terminong ito ay bahagi na ng wikang Ingles at ang panghihiram ng Filipino ay hindi galing sa mga wikang Pranses, Latin, o Italyan kundi galing sa Ingles. Maaaring sa kaso ng Intsik ay talagang direktang galing sa wikang ito ang panghihiram ng Filipino katulad halimbawa ng mga leksikal aytem na *miswa*, *siopao*, *pansit*, o *tsampoy*. Nangyari ito dahil sa ilang dantaong interaksyon ng mga Pilipino sa mga Intsik. Katunayan, sa kasaysayan, una pang nagkaroon ng interaksyon ang mga Pilipino sa mga Intsik kaysa anumang banyagang kanluranin.

Sa wikang Pranses ay mayroon tayong *restawran, chandelier, burgis, o tsalet* (maaaring sabihing ito ay konseptong Swiso subalit ang salita mismo ay Pranses). Mula sa Latin ay ginagamit natin ang *habeas corpus, memorandum, o Corpus Christi*. Ang mga salitang galing naman sa Italyan ay *pizza pie, macaroni, spaghetti, o stiletto*. Sa biglang tingin, maaaring masabing galing nga sa mga banyagang wikang ito ang mga leksikal aytem na nabanggit subalit kung aanalisahin, ang etimolohikal na aspekto lamang ng mga leksim na ito ang matatawag na Pranses, Latin o Italyan. Ang pagkakapasok ng mga leksim na ito ay sa pamamagitan ng Ingles, dahil ang mga nabanggit na leksim ay bahagi na ng bokabularyo ng Ingles. Ang isa pang dahilang maaaring mabanggit ay ang katotohanang hindi maraming Pilipino ang nakakaalam gumamit ng mga wikang Pranses, Latin, o Italyan subalit higit na nakararami ang gumagamit ng Ingles — tama o mali mang Ingles. Maidaragdag marahil ang dahilang hindi rin malaking porsyento ng mga Pilipino ang may pagkakataong magkaroon ng direktang interaksyon sa mga banyagang taong nagsasalita o taal na tagapagsalita ng mga wikang ito na siyang dahilang upang makuha ang mga leksim na nabanggit o makaimpluwensya ang kanilang wika sa wikang Filipino.

Panghihiram na walang pagbabagong semantikal. Ang pamantayang ginamit ni Hudson sa pagsasabing nagkakaroon ng asimilasyon ang salitang hiram ay sa anyo o pormang leksikal at sa pagbigkas. Hindi niya binanggit ang aspektong semantikal ng mga salitang hiram na siyang pokus ng papel na ito.

Maliban sa mangilan-ngilang aytem, sa pangkalahatan ang mga salitang hiram ay nananatili sa kanilang orihinal na semantikal na pormulasyon kahit pa may mga pagbabago sa anyong leksikal o bigkas nito. Halimbawa, ang salitang *marder* na galing sa salitang Ingles na *murder* ay katulad pa rin ang kahulugan nito kahit na nagbago ang bigkas at ispeling nito. Ganoon din, ang salitang *nars* na galing sa *nurse* ay pareho rin ang kahulugan kahit pa nagbago na ang anyo at paraan ng pagbigkas dito.

Marami pang mga salitang hiram ang ginagamit ng Filipino. Batay sa istilo ng gumagamit, maaaring baguhin ang ispeling ng salita, nang sa gayon ay may ganap na asimilasyon sa Filipino o kaya ay panatilihin ang orihinal na ispeling ng salitang hiram, nang sa gayon ay walang asimilasyong nangyayari lalo pa at ang pagbigkas sa salita ay batay sa orihinal na bigkas nito sa wikang pinaghiraman (Hudson, 1980). Ang halimbawang maibibigay ay ang *baseball* na maaaring isulat ng *beysbol* o *baseball*. Ang iba pang mga halimbawa na maibibigay ay *diskors (discourse), semantiks (semantics), titser (teacher), linggwistiks (linguistics), mentalistik (mentalistic), beheybyorist (behaviorist), o beripikasyon (verification)*. Marami pa ang maaaring maibigay na halimbawang maidaragdag dito kung kakailanganin.

Sa kabilang banda, mayroong mga hiram na salitang panumbas sa katutubong Tagalog na malimit na ring gamitin. Ang mga halimbawa ay *nawn (pangngalan),*

lebel (antas), depinisyon (katuturan), verb (pandiwa), kontes o kontest (paligsahan), identikal (magkapareho), at realidad (katotohanan).

Ang mga ibinigay na halimbawa sa unahan ay nagpapakita ng pagbabago ng porma o anyo at bigkas ng mga salitang hiram pero ang kanilang semantikal na konteksto ay nananatili. Ang ibig sabihin, ang *titser* at *teacher* o ang *beysbol* at *baseball* ay pareho ang kahulugan ganoon din ang *depinisyon* at *katuturan* o kaya ay *realidad* at *katotohanan*.

Panghihiram na may pagbabagong semantikal. Sa proseso ng panghihiram, posibleng magkaroon ng distorsyon o pagbabago ang semantikal na konteksto ng leksim. Sa hindi karaniwang pagkakataon, posible pang magkaroon ng kabaligtaran ang kahulugan ng hiniram na salita sa orihinal na kahulugan nito sa pinagmulang wika. Masasabi kung ganoon na kung minsan ang mga leksim na hiniram (sa orihinal na anyo sa isang wika at ang hiniram na anyo na nasa ibang wika na) ay magkakaroon lamang ng synonymy (pagkasingkahuluganan) ayon sa konseptong ibinigay ni Lyons (1981) samantalang sa ibang pagkakataon ang nangyayari ay antonymy (pagsasalungatan).

Sa sitwasyon kung saan nagkakaroon ng synonymy ang orihinal na leksim sa hiniram na porma nito, maaaring maibigay ang salitang *iniismol* at *nilikida*.

Sa leksim na *iniismol*, ang salitang hiram ay *ismol* o *small* sa orihinal na anyo nito sa Ingles. Sa Filipino, ang salitang *iniismol* ay isang pandiwa na nagsasaad ng pagmamaliit (galing sa salitang maliit o *small* sa Ingles), karaniwang sa kontekstong kakayahan o pagkatao ng isang tao. Sa Ingles, hindi maaaring gamitin ang leksim na *small* bilang pandiwa. Sa halip, ang dapat gamitin ay *belittle*, pagpapandiwa sa salitang *little* na synonym ng *small*. Sa Filipino, ang hiniram na salita ay ibinatay sa kahulugang maliit, na maaaring maging *small* o *little* at ang inadap na leksim ay *small* na synonym ng *little*. Ang *inismol* o *iniismol* kung ganoon ay adopsyong near-synonymy o parsyal synonymy ayon sa ideyang ibinigay ni Lyons (1981:50-51).

Sa salitang *nilikida* ang orihinal na salitang hiniram ay *liquidate* na nangangahulugang eliminate o iwawala na karaniwan ay nagsasaad ng buhay ng taong “dapat mawala” o kailangang patayin. Sa panghihiram, ang ginamit ay *nilikida* (pinatay). Mapapansin na ang salitang ito ay may malaking pagkakahawig sa salitang *liquid* na ang panumbas naman ay *likido* na galing sa Kastilang panumbas na *liquido*. Ang ginawa lamang ay pinag-anyong “babae” ang likido dahil ang dulong *o* ay ginawang *a*. Maaaring sabihin na ang synonymy rito ay sa anyo o porma lamang nangyari, subalit nagkaroon ng pagbabago ang kahulugan sa pagbabagong ito ng porma ng aytem.

Sa kabilang banda, may ilang hiram na leksim sa Filipino na tumbalik ang kahulugan sa orihinal na kahulugan ng hiniram na salita. Ang ilan sa mga ito ay *salvage*, *ibakwet*, at *trapik*.

Sa Ingles, ang ibig sabihin ng *salvage* ay "to rescue or save" na nangangahulugang dapat ipreserba, iligtas o sagipin. Sa Filipino na nanghiram ng salitang *salvage*, ang kahulugan ay kasalungat o kabaligtaran ng kahulugan ng orihinal na salitang *hiniram* sa Ingles. Ang *salvage* ay pagpatay o paglikida o "alisin sa landas" na hindi alam ng ibang tao kung sino ang may gawa. Kaya kapag sinabing *Nasalvage siya* ang ibig sabihin ay pinatay siya. Ang isa pang semantikal na panumbas dito ay karaniwang gawain ito (ang pag-salvage) ng mga military sa mga taong pinagdududahang may apilasyong makakaliwa. Maaari kayang ang "pagligtas" dito (ayon sa orihinal na kahulugan ng salitang *hiniram*) ay mula sa pagiging makakaliwa o komunista ng isang tao? Ito ay maaaring maisip na isang posibilidad at pagkatapos ay nagbago ang kahulugan at naging tumbalik ang kahulugan sa orihinal na pinagmulan nito.

Ang salitang *ibakwet* din ay nagkaroon ng baligtad na kahulugan mula sa orihinal na kahulugan nitong pag-alis sa isang partikular na lugar dahil sa kadahilanang posibleng mapanganib ito sa buhay ng kasangkot na tao o mga tao. Sa kasalukuyang gamit ng *ibakwet*, nangangahulugan itong paglipat sa lugar na hindi peligroso o mapanganib. Nagkaroon ng baligtad na konsepto ng lugar sa terminong *ibakwet*, mula sa lugar na dapat lisanin, napunta ito sa lugar na lilipatan. Kaya may mga pangungusap na maaaring magamit o marinig na nagsasaad na *Nag-ibakwet kami sa bayan dahil magulo sa aming baryo*.

Sa pang-araw-araw na buhay sa Metro Manila at sa malalaking lungsod sa Pilipinas ay karaniwan nang naririnig ang salitang *trapik*. Sa orihinal na kahulugan ng salitang ito, nagsasaad ito ng mabilis at maraming mga sasakyan na dumadaloy sa isang partikular na daan o lansangan. Nangangahulugan din ito na walang sagabal sa daloy na ito ng mga sasakyan na maaaring sa magkabilaang direksyon o sa iisang direksyon lamang. Ngunit sa pagkakagamit ng salitang ito sa Filipino, lalo at tumutukoy ito sa taong nakasama sa daloy na ito ng sasakyan sa pamamagitan ng pagiging pasahero o drayber ng sasakyang ito, nangangahulugan ito ng pagkaantala o pagkabalang ng sinasakyan dala ng madalas na paghintu-hinto ng mga sasakyan. Ang ibig sabihin nito ay hindi dire-diretso ang takbo ng sinasakyan kaya nagpapalipas siya ng maraming oras o mahabang panahon sa paghihintay na makalusot sa buhol ng mga sasakyan o trapiko. Karaniwan na ang mga pangungusap na nagsasabing *Ang tindi ng trapik, kaya naleyt tuloy ako sa aking klase* o kaya ay *Pasensya ka na na nahuli ako. Natrapik kasi ako, e*.

May isang leksikal aytem sa Filipino na hindi maintindihan ng sumulat kung paano nagbago ang kahulugan dala ng pagkakagamit nito sa Filipino. Ang salitang ito ay *indyan* o *inindyan*. Kung titingnan ang salitang ito, mapapansin na ang posibleng pinagmulan ng salitang hiram na ito ay ang salitang pantanging *Indyan* na tawag sa mga katutubong tao sa Amerika o mga tribu nila o kaya ay ang mga nitibo ng bansang India. Ang nakakatuwa, ang konsepto ng pagiging tao ng termino ay nawawala

kapag ginamit ang salitang ito sa Filipino dahil nangangahulugan itong hindi pagsipot sa usapan, na ang kausap ay pinaasa o pinahintay lamang sa pinagtipanan at hindi na sinipot. Kaya karaniwan na ang mga pangungusap na *Inindyan siya ng kanyang girl friend sa panunuod ng sine* o kaya ay *Napakaindyanera mo, pinanghal mo ako sa kahihintay sa iyo*.

IV. Panghihiram na Sintaktikal

Ayon kay Lyons, ang panghihiram ay karaniwang nakikita sa mga elementong ponolohikal at morpolohikal at hindi gaano sa aspektong sintaktikal. Ayon naman kay Hudson, maaari ang sintaktikal na panghihiram sa dalawang wikang bilinggwal ang gumagamit ng mga wikang ito.

Batay sa sinabi ni Hudson, ang panghihiram na sintaktikal kung ganoon ay hindi lamang nangyayari sa Filipino (mula o galing sa Ingles) kundi totoo rin sa Ingles (mula o galing sa Filipino). Hindi ito kataka-taka, kung sa bagay, dahil ang mga Pilipino ay mahilig gumamit ng dalawang wikang ito na ang resulta kung minsan ay ang tinatawag na Taglish o Engalog lalo na sa pakikipag-usap sa mga kaibigan o kapalagayang-loob. Subalit karaniwan din ay gumagamit sila ng istrategyang tinatawag na code-switching kung saan gumagamit sila ng ilang pangungusap sa Filipino nang buong-buo ang mga pangungusap na ito at hahaluan ito ng mga buong-buo ring pangungusap na Ingles. Dahil sa oryentasyong ito ng mga Pilipino, natural na ang ilang karakteristikong sintaktikal ng dalawang wikang ito ay napaghahalu-halo o kaya ay naipagpapalit-palit.

Kung bilinggwal ang nagsasalita, karaniwan na ang paggamit nila ng dalawang wika na gumagamit ng istrategyang code switching. Ang tawag dito ni Bautista (1977) ay *mix-mix language* dahil hinahalo ang dalawang wika sa pagsasalita. Sinasabi niyang may mga domains o sitwasyon kung saan ang mga wikang ito (Ingles at Filipino) ay ginagamit pero sa mga pagkakataon na kaibigan o kapalagayan ang kausap, karaniwang wikang mix-mix ang ginagamit.

Sa Filipino, ang malaking epekto ng Ingles sa sintaktikal na aspeto ng wika ay ang ayos ng pangungusap. Ang karaniwang ayos ng pangungusap na Filipino ay nauuna ang panaguri at nahuhuli ang simuno. Natural na pangungusap sa Filipino ang *Kumain muna tayo at nagugutom na ako* at ang ayos na ito ang karaniwang ginagamit sa mga ordinaryong pagsasalita. Ang pagsasabing *Tayo ay kumain na at ako ay nagugutom na* ay tama sa lahat ng perspektibo—kahulugan, sintaktikal na kaayusan, at gramatikaliti subalit hindi ito ang natural na pagsasalita sa Filipino. Ang ganitong ayos ng pangungusap ay karaniwang nakikita sa mga pormal na pagsasalita o sa pasulat na komposisyon, dala marahil ng impluwensya ng Ingles.

Sa Ingles, ang normal na ayos ng pangungusap ay nauuna ang simuno at nahuhuli ang panaguri, isang kabaligtaran ng normal na ayos ng pangungusap sa Filipino. Natural na pangungusap sa Ingles ang *My friend goes to the city more*

often now at kung aayusin ito na nauuna ang panaguri ay hindi tama ang pangungusap na *'Goes to the city more often now my friend'.

Masasabi kung ganoon na ang Filipino ay higit na naiimpluwensyahan ng Ingles at ang Ingles ay hindi man lang naiimpluwensyahan ng Filipino sa ayos ng pangungusap. Subalit kung bibigyan ng kaunting masusing pagtingin, makikita na may impluwensya rin ang Filipino sa Ingles, lalo sa tinatawag na mix-mix na wika. Sa mga kabataan o tinedyer at kahit na sa mga estudyanteng nag-uusap, karaniwan na ang mga pangungusap na *Going home ka na?* na sinagot naman ng *Oo, going home na 'ko*. Ang katanungan at sagot na ito ay narinig mismo ng sumulat sa dalawang estudyanteng nag-uusap sa lobby ng isang paaralan. Sa sitwasyong ganito, makikitang nakaimpluwensya ang Filipino sa Ingles, kahit pa sabihin na hindi purong Ingles ang naturang pangungusap at ito ay nasa anyo ng mix-mix language o Engalog. Makikita rito na nauuna ang panaguri at nahuhuli ang simuno, isang karakteristikong wikang Filipino.

Sa puntong semantic syntax na itinataguyod ni Seuren (1974), makikita ang malaking impluwensya ng dalawang wika — Filipino at Ingles — sa isa't isa. Halimbawa, ang pangungusap sa Ingles na *I don't know for you* ay direktang panumbas ng *Hindi ko alam sa 'yo* na karaniwang isinasagot sa tanong na *What do you think?* o *Ano sa palagay mo?* Maaaring masabing ito ay sa domeyn na ng translesyon o pagsasalang-wika subalit ito ay karaniwang naririnig o nababasa sa mga ordinaryong sulatin ng mga estudyanteng masasabi nating hindi gaanong matatag ang kakayahang pangwika sa dalawang wikang kasangkot sa pag-aaral na ito.

Sa puntong ito ay maaaring banggitin ang isang dating adbertisement ng LBC messengerial service na nagsasaad ng *No more counting-counting of words* na isa ring literal na pagsasalin ng *Wala nang bilang-bilang pa ng mga salita*. Makikita rito kung ganoon ang impluwensya ng Filipino sa pagbuo ng pangungusap sa Ingles.

V. Paghahambing na Sintaktikal ng Dalawang Wika


Kahit sabihin pang nag-iimpluwensyahan ang dalawang wikang ginagamit ng isang bilinggwal na tagapagsalita lalo na sa aspektong sintaktikal, nananatili ang sariling kakanyahan ng mga kasangkot na wika at hindi ito ordinaryong nababago sa karaniwang sirkumstansya ng paggamit ng wika. Makikita ang sariling karakteristikong mga wikang ito kung ihananay sila sa isang uri ng analisis ng sintaks ng wika. Sa ganitong analisis, karaniwang pumapasok din ang semantiks lalo na sa diwang inihahatid ng pangungusap.

Analisis ng mga pangungusap na Filipino sa pamamagitan ng Immediate Constituent. Ang analisis na gagawin sa bahaging ito ng papel ay sa mga pangungusap na Filipino na nagtataglay ng mga salita o mga aytem na hiram mula sa

Ingles. Ipakikita ang relasyon ng mga leksim na hiram sa iba pang bahagi ng pangungusap na tinatawag na constituents.

Ayon kay Robins (1980), naaayos ang mga pangungusap sa sunud-sunod na mga komponent na binubuo ng mga grupo ng mga salita na maaaring magkatabi o hindi, at ng mga isahan o nag-iisang salita na tinatawag na *constituents*. Kung itinuturing silang bahagi na sunud-sunod na himaymay o paghimay ng pangungusap, tinatawag silang *immediate constituents*.

Halimbawa, ang pangungusap na *Dapat nang mawala ang kolonyal na mentalidad ng Pilipino* ay may mga constituents na sumusunod:



Makikita sa itaas na ang mga salitang *ang mentalidad* ay magkakasunod kahit na magkalayo sila o ang *mentalidad* ay immediate constituent ng *ang* at ang *ng* ay immediate constituent ng *Pilipino*. Sa ganoon din, ang *mentalidad* ay immediate constituent ng *ng Pilipino* at immediate constituent din ito ng *kolonyal* kasama na ang aytem na *na*. Ang sumunod na antas ay nagpapakita na ang dalawang grupo ay iisang constituent na lamang dahil ang *ang kolonyal na mentalidad* ay immediate constituent ng *ng Pilipino*. Samantala, ang *nang* ay immediate constituent ng *mawala* at ang *dapat* ay immediate constituent naman ng *nang mawala*. Sa kabuuan, ang dalawang mas malalaking immediate constituents ngayon ay *dapat nang mawala* at *ang kolonyal na mentalidad ng Pilipino*.

Makikita sa nauunang pangungusap na nabigyan ng analisis sa pamamagitan ng immediate constituent na may mga klase ng leksikal aytem na "magkakasama" sa grupo at ang mga ito ay naaayos ayon sa antas ng kanilang hierarchical order. Mapapansin na ang nauunang antas ng pagkakaayos ay binubuo ng mga salitang pangnilalaman katulad ng *mentalidad* na isang pangngalan at *Pilipino* na isa ring pangngalan na "sinamahan" ng kani-kanilang mga marker na *ang* para sa *mentalidad* at *ng* para sa *Pilipino*. Ang sumunod na antas ay ang mga modifiers na sa kaso ng *mentalidad* ay *kolonyal* at sa kaso ng *Pilipino* ay *mentalidad* na umakto bilang kaangkinan ng *ng Pilipino*. Sa bahagi ng panaguri, ang unang salitang pangnilalaman ay *mawala* na "sinamahan" ng kondisyonal na salitang *nang* at sinundan naman ng isa pang kondisyonal na salitang *dapat*.


Kaya mapapansin sa naunang pangungusap na madaling makita ang mga constituents ng isang pangungusap sa pamamagitan ng pagtingin sa kung alin ang

“magkasama”.

Ang sabi ni Robins, maaari raw gumawa ng ekspansyon sa pamamagitan ng pagkuha ng tinawag niyang *basic sentence type*. Ang ekspansyon ayon sa kanya ay ang paraan kung saan ang mahahabang pangungusap ay nabubuo mula, at inaanalisa rin papunta o pabalik sa maikli at pangunahing patern ng pangungusap na *basic sentence type*. Batay sa sinabing ito ni Robins, aanalisahin ang ibinigay na pangungusap sa pamamagitan ng ekspansyon.

Ang malalaking immediate constituents ng ibinigay na pangungusap sa itaas ay *dapat nang mawala* at *ang kolonyal na mentalidad ng Pilipino*. Sa naunang constituent, maaari itong paikliin sa *dapat mawala* sa halip ng *dapat nang mawala*. Para sa ikalawang constituent na *ang kolonyal na mentalidad ng Pilipino* maaari itong paikliin sa *ang mentalidad ng Pilipino* na lamang at ito ay maaari pa ring paikliin uli sa *ang mentalidad* na lamang. Ang matitirang mga constituents kung ganoon na siyang bubuo sa *basic type* ay *Dapat mawala ang mentalidad*. Ang mga elementong natitira o mga constituents na natitira ay hindi na maaari pang paikliin na magtataglay pa rin ng pangunahing diwa ng orihinal na pangungusap.

Subalit mapapansin na ang diwang nakakabit sa natitirang mga constituents ay hindi na malinaw katulad ng sa nauna o orihinal na pangungusap. Katunayan, kung susuriing mabuti sa semantikal na aspekto ng pangungusap, ay mapapansing may pangit na itong kahulugan. Parang nagbibigay ito ng konotasyong hindi maganda, ang kakulangan ng sentido komun. Marahil ito ang pagkakaiba ng Ingles sa Filipino sa analisis na katulad ng immediate constituents. Ang prinsipyo ng *basic sentence type* ay hindi masyadong makikita sa Filipino, hindi katulad sa Ingles na ang pangungusap halimbawa na *Active little John eats plenty of fresh fruits every day* ay maaaring analisahin ng sumusunod:



Makikita sa itaas na ang *little* ay immediate constituent ng *John* at ang *active* ay immediate constituent ng *little John*. Ang *eats* naman ay immediate constituent ng *active little John*. Pagkatapos nito, ang *active little John eats* ay immediate constituent ng *plenty*. Samantala, ang *fresh* ay immediate constituent ng

fruits at ang *of* ay immediate constituent ng *fresh fruits*, ang *every* ay immediate constituent din ng *day*. Ngayon, ang *Active little John eats plenty* ay immediate constituent ng *of fresh fruits* at ang buong *Active little John eats plenty of fresh fruits* ay immediate constituent ng *every day*.

Ngayon, kung gagawan ito ng ekspansyon, makikita na ang constituent na *active little John* ay maaaring gawin na lamang na *John* at para sa mga sumunod pang mga constituents, maaari na lamang ang *eats* na magpapakita na ang basic sentence type ay *John eats*.

Makikita sa mga halimbawa sa itaas na mas mahirap ang pagkuha ng basic sentence type sa Filipino kaysa Ingles. Sa ibang mga pangungusap, posibleng makuha ang isang sensible o may sentido komun na pangungusap kaysa ipinakitang halimbawa na *Dapat mawala ang mentalidad*. Ang punto rito ay mas epektibong instrumentong pang-analisa ang immediate constituent sa Ingles kaysa Filipino.

V. Pagwawakas

Ipinakita ng papel na ito ang paraan ng panunumbas sa Filipino ng mga hiram na salitang Ingles at inanalisa ito sa kanilang semantikal at sintaktikal na epekto. Maaaring kulang na kulang ang mga halimbawang ibinigay subalit makikita sa mga natalakay na isang makahulugang katotohanan ang impluwensiya ng mga leksikal aytem sa ibang wika upang mapaunlad ang Filipino sa mga aspektong semantikal at sintaktikal. Sa pamamagitan ng mga hiram na salitang ipinakita, lalong pinayaman ang Filipino, lalo na sa epektibong paggamit dito bilang wikang ganap at may kakayahang magpakita ng mga konseptong gustong ipaabot ng nagsasalita sa kanyang kausap. Ganoon din naman, ang mga salitang hiram na ito ay may epekto sa sintaktikal na kalagayan ng wika.

Bibliograpi

Bautista, Ma. Lourdes, ed. 1996. **Readings in Philippine Sociolinguistics**.
Manila: De La Salle University Press, Inc.

_____, et al. 1977. "The Filipino Bilingual's Language Orientation"
na nasa **The Filipino Bilingual** na inedit ni Emy M. Pascasio. Quezon
City: Ateneo de Manila University Press.

Bolton, Kingsley at Helen Kwok, eds. 1992. **Sociolinguistics Today International Perspectives**. London: Routledge.

- Fishman, Joshua A. 1989. **Language and Ethnicity in Minority Sociolinguistic Perspective.** Clevedon: Multilingual Matters Ltd.
- Fodor, Jerry A. at Jerrold J. Katz. 1964. **The Structure of Language.** Englewood Cliffs, New Jersey: Prentice Hall, Inc.
- Hudson, R. A. 1980. **Sociolinguistics.** Cambridge: Cambridge University Press.
- Landar, Herbert Jay. 1966. **Language and Culture.** New York: Oxford University Press.
- Lyons, John. 1981. **Language, Meaning and Context.** Suffolk, Great Britain: Fontana Paperbacks.
- Matute, Genoveva, Paz M. Belvez, at Corazon E. Kabigting. 1987. **Filipino sa Bagong Panahon (Para sa mga Dalubhasaan at Pamantasan).** Binagong Edisyon. Metro Manila: National Book Store, Inc.
- Robins, R. H. 1980. **General Linguistics An Introductory Survey.** London: Longman.
- Seuren, Pieter A. M., ed. 1974. **Semantic Syntax.** Oxford: Oxford University Press.